



Bakuna sa COVID-19 para sa Kabataan

MGA KADALASANG TANONG PARA SA MGA MAGULANG AT TAGAPAG-ALAGA

Ang mga bata edad 5-17 ay karapat-dapat ng tumanggap ng bakuna sa COVID-19 na gawa ng Pfizer.

Ang pagpapabakuna ay palaging libre.

Walang sinuman sa iyo o sa anak mo ang tatanungin tungkol sa katayuan sa imigrasyon. Bisitahin ang: [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinatelacounty.com) o [Vacunatelosangeles.com](https://www.vacunatelosangeles.com) (Espanyol) upang makahanap ng pagpapabakunahan.

Bakit dapat na mabakunahan ang aking anak laban sa COVID-19?

Ang pagpapabakuna sa iyong (mga) anak ay ang pinakamahusay na paraan upang protektahan sila na magkaroon ng COVID-19. Bagaman ang COVID-19 ay mas madalas na banayad sa mga bata kaysa sa mga matatanda, maaari rin silang lubhang magkasakit. Ang ilang mga bata ay maaaring mangailangan ng pangangalaga sa hospital at maaari pang mamatay mula sa “Multi-System Inflammatory Syndrome in Children.” (MIS-C). Ito ay isang kondisyon kung saan ang iba’t ibang bahagi ng katawan ay maaaring mamaga, kabilang ang puso, mga baga, mga bato, utak, balat, mga mata o mga bahaging panloob (organ) ng gastrointestinal. Dagdag pa rito, ang ilang mga bata na nahawahan ay may mga pangmatagalang komplikasyon sa kalusugan (tinatawag na mahabang COVID). Ang mga bata na may mahabang COVID ay maaaring makaramdam ng pagkapagod, magkaroon ng pananakit ng ulo at hirap sa pagpopokus. Maaari itong abutin ng mga linggo hanggang sa mga buwan pagkatapos na makakuha ng COVID-19. Walang paraan na masasabi nang maaga kung ang isang bata ay magkakaroon ng malubhang kaso ng COVID-19 o kung sila ay makakakuha ng mahabang COVID.

Sa oras na ang iyong anak ay ganap nang nabakunahan, magiging mas ligtas na para sa kanila na makibahagi sa mga regular na aktibidad. Ang pagsama sa mga kaibigan, pagpasok sa paaralan nang walang pagkagambala, paglalaro ng palakasan, at paglalakbay upang makita ang kapamilya ay magiging mas ligtas. Hindi sila aatasan na magpasuri upang makapaglaro ng mga partikular na palakasan o makapunta sa mga malalaking kaganapan. Hindi rin sila kakailanganin na magkulong (quarantine) kung sila ay nalantad sa COVID-19 kung wala silang mga sintomas. Kabilang rito ang pagkalantad sa paaralan, bahay, habang naglalaro ng organisadong palakasan, o pagkatapos ng paglalakbay.

Ang pagpapabakuna sa iyong anak ay nakakatulong rin protektahan ang pamilya at mga kaibigan. Lalo itong kapaki-pakinabang sa pagprotekta sa mga taong hindi pa nabakunahan (tulad ng mga bata na wala pang 5 taong gulang) at sa mga nasa mas mataas na panganib na makakuha ng labis na pagkakasakit kung mahahawahan, tulad ng [mga mas nakatatanda](#) at iyong may [mga partikular na kondisyong medikal](#).

Tingan ang [Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Bata at Tinedyer](#) ng CDC para sa mas marami pang impormasyon.

Aling bakuna sa COVID-19 ang maaaring tanggapin ng aking anak?

Ang mga bata edad 5 taong gulang pataas ay maaaring kumuha ng angkop sa edad na dosis ng bakunang Pfizer sa COVID-19:

- Ang mga kabataan (adolescents) edad 12 pataas ay kukuha ng parehong bakunang Pfizer tulad ng mga matatanda.
- Ang mga bata edad 5-11 taong gulang ay kukuha ng bakunang Pfizer na ginawa para sa kanilang edad na grupo. Mayroon ito ng parehong aktibong sangkap ngunit mas maliit (1/3rd) na dosis kaysa sa regular na bakunang Pfizer at ibinibigay sa mas maliit na karayom.

Ang parehong mga bersyon ng bakuna ay ibinibigay bilang 2 dosis na 21 araw ang pagitan. Mahalagang makuha ang ikalawang dosis upang makuha ang kumpletong proteksyon mula sa bakuna. Ang iyong anak ay ganap nang nabakunahan 2 linggo pagkatapos nilang kunin ang ikalawang dosis.

Ang mga bakunang Moderna at Johnson & Johnson ay hindi magagamit para sa mga bata na wala pang 18 taong gulang. Ang parehong mga bakunang ito ay kasalukuyang awtorisado lamang para sa mga taong 18 taong gulang pataas.

Upang matuto pa tungkol sa mga bakunang Pfizer, tingnan ang Talaan ng Katotohanan para sa mga Tumatanggap at Tagapangalaga (Fact Sheet for Recipients and Caregivers):

- Para sa [12 taong gulang pataas](#)
- Para sa mga [5-11 taong gulang ang edad](#)



Ano ang mga epekto (side effects) ng bakuna sa mga kabataan?

Ang mga epekto ng bakuna ay magkahalintulad sa mga bata at matatanda. Maaaring kabilangan ito ng nananakit na namumulang braso, pakiramdam ng pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, lagnat, o pagkaginaw. Maaaring limitahan ng mga epektong ito ang ilang pang-araw-araw na aktibidad ngunit dapat na mawala sa ilang mga araw. Hindi lahat ay magkakaroon nito. Ang mga epektong ito ay normal at palatandaan na ang katawan ay nagbubuo ng imyunidad.

Anong bakuna ang dapat kunin ng aking anak kung sila ay magiging 12 taong gulang bago ang kanilang ikalawang dosis?

Ang mga rekomendasyon ng bakuna ay batay sa edad ng bata hindi sa timbang. Kung ang iyong anak ay 11 taong gulang, dapat nilang kunin ang bakuna para sa mga bata (pediatric vaccine) hindi alintana kung kailan sila magiging 12 taong gulang. Ligtas at epektibo ito para sa grupo ng edad na ito. Kung ang iyong anak ay malapit nang maging 12 taong gulang, hindi namin inirerekomenda ang paghihintay hanggang matapos ang kanilang kaarawan upang makakuha ng bakuna.

Kung ang iyong anak ay magiging 12 taong gulang pagkatapos ng unang dosis, dapat silang kumuha ng bakuna para sa mga taong 12 taong gulang pataas para sa kanilang ikalawang dosis. Ngunit kung kanilang nakuha ang dosis para sa 5-11 taong gulang, hindi na nila kailangan na ulitin ito.

Bakit ang bakuna ay para lamang sa mga batang edad 5 pataas? Kailan makakakuha nito ang mga mas bata?

Ang mga bata na wala pang 5 taong gulang ay hindi pa mababakunahan dahil ginagawa pa ang mga klinikal na pag-aaral sa grupo ng edad na ito. Wala pang sapat na impormasyon tungkol sa kung paano ang mga bakunang ito ay gumagana sa mga bata edad 6 na buwan hanggang sa 5 taon.

Saan ko maaaring dalhin ang aking anak upang mabakunahan?

Makukuha ang mga bakuna sa daan-daang lokasyon sa buong LA County. Kabilang sa mga lokasyon ang mga opisina ng pedyatrisyan, klinika, parmasya, paaralan, espesyal na mga lugar sa pagpapabakuna sa COVID-19, at mga itinatayong mga lugar ng bakunahan (pop-up site). Hindi mo kailangan ng isang tipanan (appointment) sa maraming lokasyon. Magmasid para sa isang klinika ng bakuna sa iyong lugar.

Ang pagpapabakuna sa bahay ay magagamit rin ng mga taong hindi nakakaalis ng bahay. Upang mas marami pang malaman, bisitahin ang [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinate.lacounty.gov) at iklik sa "[Paano Kumuha ng Bakuna](#)." Maaari mo ring tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Bakuna (Vaccine Call Center) sa 833-540-0473. Bukas ito araw-araw mula 8 ng umaga hanggang sa 8:30 ng gabi at maaaring ayusin ang libreng transportasyon papunta sa lugar ng pagpapabakuna. Siguruhin na pumili ng lokasyon na nag-aalok ng bakunang Pfizer na angkop para sa edad ng iyong anak.

Ano ang mga dokumento na kailangan kong dalhin upang mabakunahan ang aking anak?

Ang mga kabataan edad 5-17 ay kailangan ng pahintulot mula sa magulang o legal na tagapag-alaga upang mabakunahan. Dapat na siyasatin ng mga pamilya ang mga patakaran sa pahintulot (consent requirements) ng lugar na plano nilang puntahan. Siyasatin ang email o mensahe ng text (text message) na iyong nakuha noong iyong ginawa ang tipanan (appointment) upang makita kung anong mga dokumento ang kailangan mong dalhin. Para sa impormasyon tungkol sa mga patakaran sa mga lugar ng pagpapabakuna ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County, bisitahin ang [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinate.lacounty.gov) o tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Bakuna (tingnan sa itaas).

Ang aking anak ay mahina ang imyunidad. Maaari ba silang makakuha ng ika-3 dosis ng bakunang Pfizer?

Depende ito sa kanilang edad. Kung ang iyong anak ay 12 taong gulang ang edad pataas at may [banayad o malubhang huminang sistema ng imyunidad](#), inirerekomenda na sila ay kumuha ng ika-3 dosis ng bakunang Pfizer. Dapat nilang kunin ang kanilang ika-3



Bakuna sa COVID-19 para sa Kabataan

MGA KADALASANG TANONG PARA SA MGA MAGULANG AT TAGAPAG-ALAGA

dosis ng hindi bababa sa 28 araw pagkatapos na makumpleto ang pangunahing 2 dosis na serye. Ang ika-3 dosis ay hindi kasalukuyang inirerekomenda para sa mga bata na wala pang 12 taong gulang. Ang mga pampalakas na dosis (booster doses) ay hindi inirerekomenda para sa sinuman na wala pang 18 taong gulang ang edad. Makipag-usap sa doktor ng iyong anak tungkol sa pagkuha ng karagdagang dosis.

Tingnan ang [Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Taong may Banayad hanggang sa Malubhang Mahinang Imyunidad](#) na webpage ng CDC.

Maaari bang mabakunahan ang aking anak laban sa COVID-19 at iba pang mga sakit nang sabay?

Oo. Ang mga bata edad 5 pataas ay maaaring kumuha ng bakuna sa COVID-19 sabay ng iba pang mga bakuna, tulad ng sa trangkaso, tigdas, at mahalak na ubo (whooping cough). Kung makakakuha ng bakuna sa COVID-19 ang iyong anak sa lugar na hindi nag-aalok ng iba pang mga bakuna na maaari nilang kailanganin, maaari kang pumunta sa ibang lokasyon upang makuha ang mga ito anumang oras. Hindi kailangan na maghintay sa pagitan ng mga bakuna.

Ang mga bata bang may mga alerdyi ay pwedeng makakuha ng Pfizer na bakuna sa COVID-19?

Depende ito.

- Ang mga bata na may alerdyi sa mga bagay tulad ng iniinom na gamot, pagkain (kabilang ang mga itlog), latex, mga alagang hayop, o pollen, o mga taong may mga alerdyi sa kasaysayan ng pamilya, ay maaaring mabakunahan. Ang bakuna ay hindi naglalaman ng mga itlog, gelatin, latex, o mga pampreserba. Maaari mong makita ang listahan ng mga sangkap, sa mga Talaan ng Katotohanan para sa mga Tumatanggap at Tagapangalaga: Pfizer para sa mga [12 taong gulang ang edad pataas](#); Pfizer para sa mga [5-11 taong gulang ang edad](#).
- Makipag-usap sa iyong doktor kung ang iyong anak ay may reaksiyon ng alerdyi sa anumang bakuna o iniiniksyong paggagamot [therapy] (kahit na ito ay hindi malubha). Tutulong silang magpasya kung ligtas para sa kanila ang mabakunahan.
- Ang mga batang may alerdyi sa polyethylene glycol (PEG) ay hindi dapat kumuha ng bakunang Pfizer.

May maliit na panganib ng anaphylaxis (isang malubhang reaksiyon ng alerdyi) o iba pang mga reaksiyon ng alerdyi sa alinmang bakuna. Ito ang dahilan kung bakit ang lahat ay inoobserbahan sa maikling oras pagkatapos na kumuha ng bakuna sa COVID-19.

Ang impormasyon tungkol sa mga alerdyi ay maaaring magbago. Upang makita ang pinakabagong gabay, tingnan ang [Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Taong may mga Alerdyi](#) na webpage ng CDC at makipag-usap sa doktor.

Ang aking anak ay nagkaroon na ng COVID-19, dapat pa rin ba silang bakunahan?

Oo. Ang iyong anak ay dapat na mabakunahan kahit na sila ay nagkaroon na ng COVID-19. Hindi pa natin alam kung gaano katagal ang isang tao ay protektado pagkatapos nilang magkaroon ng COVID-19. Ang pagpapabakuna pagkatapos na magkaroon ng impeksyon ng COVID-19 ay palalakasin ang imyunidad ng iyong anak. Magbibigay ito sa kanila ng mas mahabang proteksyon laban sa COVID-19. Kabilang rito ang proteksyon laban sa mga baryante ng virus na maaaring kumalat nang mas madali o magsanhi ng mas marami pang malulubhang sakit.

Ligtas ba para sa mga batang edad 5-17 ang magpabakuna?

Oo. Pagkatapos ng masinsinang mga klinikal na pagsubok, ang bakuna sa COVID-19 ng Pfizer (ang parehong bakuna na ligtas nang ibinibigay sa milyon-milyong mga tao edad 16 pataas) ay pinayagan na ng FDA para sa kabataan edad 12 hanggang 15 noong Mayo. Pinayagan na ito para sa mga bata edad 5-11 noong Oktubre. Ipinakita ng mga pag-aaral na ang bakuna sa COVID-19 na Pfizer ay [ligtas](#) at [epektibo](#) sa mga batang edad 5-17, pati na rin sa mga matatanda. Ang bakuna ngayon ay mayroon ng ganap na pag-apruba mula sa FDA para sa mga taong edad 16 pataas at patuloy na sinusubaybayan para sa kaligtasan.



Bakuna sa COVID-19 para sa Kabataan

MGA KADALASANG TANONG PARA SA MGA MAGULANG AT TAGAPAG-ALAGA

Ang mga magulang ay maaaring may mga pagkabahala tungkol sa mga kaso ng pamamaga (inflammation) ng kalamnan ng puso ([myocarditis](#)) o panlabas na linyada ng puso (pericarditis) sa mga taong tumanggap ng bakunang Pfizer. Karamihan sa mga kaso ay sa mga lalaking nagbibinata at mga kabataan at nangyayari sa loob ng ilang araw pagkatapos ng pagpapabakuna. Ang mga reaksyong ito ay bihira, tinatantiya na mas kaunti pa sa 60 kaso kada milyong indibidwal na binakunahan. Dahil walang mga kaso ng myocarditis sa mga batang edad 5-11 sa mga klinikal na pagsubok, ang mga bilang ng myocarditis pagkatapos ng pagpapabakuna sa mga batang 5-11 taong gulang ay hindi alam, ngunit malamang na mas mababa dahil sa ang ginagamit ay mas maliit na dosis ng bakuna sa grupo ng edad na ito at ang katotohanan na ang myocarditis ay mas hindi pangkaraniwan sa grupo ng mas batang edad na ito.

Kung ang iyong anak o sinuman ang mayroon ng mga sumusunod na sintomas, sila ay pinapayuhan na humanap ng medikal na tulong agad-agad:

- Pananakit ng dibdib
- Pangangapos ng hininga
- Pakiramdam ng mabilis na pagtibok ng puso, kumakabog, o pumipintig na puso.

Karamihan ng pasyente na nag-uulat ng myocarditis at pericarditis pagkatapos ng pagpapabakuna na tumanggap ng pangangalaga ay napabuti ng gamot at pahinga at mabilis na bumuti ang pakiramdam. Mahalagang tandaan na ang myocarditis at pericarditis ay mas karaniwan sa mga taong nagkaroon ng COVID-19. At ang mga panganib sa puso mula sa impeksyon ng COVID-19 ay maaaring maging mas malubha. Matutunan ang mas marami pa sa CDC webpage na [Myocarditis at Pericarditis Kasunod ng mRNA na Pagpapabakuna sa COVID-19](#).

Ang isa pang bihirang epekto ay ang anaphylaxis. Ito ay isang seryosong alerdyik na reaksyon na maaaring mangyari pagkatapos ng anumang pagpapabakuna. Ang lahat ay inoobserbahan sa maikling oras pagkatapos kumuha ng bakuna sa COVID-19. Kung magaganap man ang anaphylaxis, ito ay magagamot agad-agad. Matutunan ang mas marami pa sa CDC webpage [Ano ang Gagawin Kung Mayroon Kayong Alerdyik na Reaksyon Pagkatapos Magpabakuna sa COVID-19](#).

Inirerekomenda ng CDC ang [pagpapabakuna sa COVID-19](#) para sa lahat na 5 taong gulang pataas. Ang kilalang mga panganib ng sakit na COVID-19 kabilang ang pagpapahospital, pangmatagalang mga problema sa kalusugan, at pagkamatay ay hinihigatan ang mga potensyal na panganib ng pagkakaroon ng bihirang masamang reaksyon sa pagpapabakuna.

Maaari bang makakuha ng COVID-19 ang aking anak mula sa bakuna sa COVID-19?

Hindi. Ang iyong anak ay hindi makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Hindi ito possible. Wala sa mga bakuna na ginagamit sa Amerika (US) ang naglalaman ng anumang klase ng virus na nagsasanhi ng COVID-19.

Ang bakuna ba ay nakapagsasanhi ng pagkabaog (infertility)?

Hindi. Walang biyolohikong dahilan o ebidensya na ang alinmang bakuna ay nagsasanhi ng mga problema sa pagkabaog sa mga kababaihan o kalalakhian. Kabilang rito ang mga bakuna sa COVID-19. Ang ilang mga tao na nabakunahan bilang bahagi ng mga klinikal na pagsubok sa bakuna sa COVID-19, at maraming mga tao na nabakunahan mula sa mga pagsubok, ay nagdalang-tao na. Hindi binabago ng mga bakuna ang DNA ng isang tao at walang ebidensya na naapektuhan ng mga ito ang pagbibinata/pagdadalaga o pagyabong ng kabataan.

Maapektuhan ba ng bakuna sa COVID-19 ang regla ng aking anak?

Ang ilang mga tao ay nag-ulat ng pagbabago sa kanilang regla pagkatapos magpabakuna, kabilang ang mas matinding daloy at masakit na pamumulikat. Hindi pa namin alam kung ang mga pagbabagong ito ay dahil sa bakuna. Ang mga pagbabago sa regla ay hindi naiulat mula sa mga pagsubok ng bakuna at walang pang mga resulta ng pag-aaral ang magagamit sa isyung ito. Mahalagang tandaan, maraming bagay ang maaaring magsanhi ng pagbabago sa mga siklo ng pagrereglar. Kabilang sa mga ito ang tensyon (stress), mga pagbabago sa pagtulog, diyeta, ehersisyo, at ilang medisina. Ang mga hindi regular na panahon ng regla ay napaka-karaniwan sa mga tinedyer. Kung ang iyong anak ay may mga pagkabahala tungkol sa kanilang regla, inirerekomenda na sila ay makipag-usap sa kanilang doktor.



Ang bakuna ba sa COVID-19 ay magkaroon ng mga anumang pangmatagalang epekto (long term side effects) sa aking anak?

Hindi, hindi dapat. Batay sa kung ano ang alam natin mula sa iba pang mga bakuna, ang anumang bihirang mga epekto ay karaniwang nagsisimula sa loob ng anim na linggo pagkatapos na magpabakuna. Sa kadahilanang ito, ang Food and Drug Administration (FDA) ay nag-aatas na ang bawat isa sa mga bakuna sa COVID-19 ay mapag-aralan nang hindi bababa sa walong linggo pagkatapos ng huling dosis bago nila payagan na magamit ang mga ito. Pagkatapos na ang mga ito ay mapayagan, ang CDC ay magpapatuloy na sumusubaybay sa mga bakuna sa COVID-19. Kung may magaganap na isyu sa kaligtasan, ang FDA at ang gumagawa ng bakuna ay magtutulungan upang tugunan ang pagkabahala sa kaligtasan. Halimbawa, isang problema sa isang partikular na lote, isang isyu sa pag-gagawa, o sa bakuna mismo. Ang iyong anak ay mas malamang na magkaroon ng mga pangmatagalang epekto dahil sa pagkakaroon ng COVID-19 kaysa sa pagpapabakuna sa COVID-19.

Kung ang aking anak ay magkakaroon ng masamang reaksiyon (posibleng epekto) pagkatapos nilang mabakunahan, paano ko ito iululat?

Kung ang iyong anak ay may masamang reaksiyon pagkatapos na mabakunahan, makipag-usap sa iyong doktor, at iulat ang reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (o VAERS). Iulat ito kahit na hindi ka sigurado na sanhi ito ng bakuna. Ang VAERS ay isang maagang sistema ng babala na ginagamit ng FDA at CDC para makahanap ng posibleng mga problema sa kaligtasan sa alinmang bakuna. Upang gumawa ng ulat, tawagan ang 1-800-822-7967 o bisitahin ang <https://vaers.hhs.gov/reportevent.html>.

Kung mayroon kang smart phone, maaari mong matulungan ang CDC na subaybayan ang mga bakuna sa pamamagitan ng pagpapalista (sign-up) sa iyong anak para sa [V-Safe](#). Ang **V-safe** ay isang kasangkapan na nakabatay sa smartphone na nagpapadala ng mga tekstong mensahe (text messages) upang masuri ang iyong anak pagkatapos nilang mabakunahan. Ang bawat bata ay dapat na hiwalay na ipalista (sign-up). Ang lahat ng mga tekstong mensahe ng **v-safe** ay ipinapadala sa smartphone ng magulang o tagapag-alaga.

Huwag gumamit ng VAERS at V-safe para sa medikal na payo. Tawagan ang iyong doktor o humanap ng medikal na tulong kung may mga sintomas o problema sa kalusugan ang iyong anak na nakapagpapaalala sa iyo pagkatapos magpabakuna sa COVID-19.

Paano ko kakausapin ang aking anak tungkol sa bakuna sa COVID-19?

Mahalaga para sa mga kabataaan na malaman ang mga katotohanan tungkol sa bakuna sa COVID-19. Napakaraming maling impormasyon sa COVID-19 at sa mga bakuna sa internet at sosyal midya (social media). Siguruhin na makipag-usap sa iyong mga anak tungkol sa COVID-19 at sagutin ang anumang mga katanungan na maaaring mayroon sila.

Ipaalam sa kanila ang tungkol sa mga panganib sa kalusugan kapag may taong magkakaroon ng COVID-19 at kung paano maaaring makatulong ang bakuna na protektahan sila. Ipaliwanag na ang bakuna ay ligtas at wala itong virus. Pag-usapan ang mga epekto kasama sila at ipaalam sa kanila na normal ang mga ito. Papanatagin sila kung sila ay ninenerbiyos tungkol sa pagpapabakuna.

Ipaalala sa kanila na ang pagpapabakuna ay tutulong na protektahan ang kanilang pamilya at mga kaibigan. Gagawin rin nitong mas ligtas para sa kanila na gumawa ng mga bagay tulad ng paglalaro ng palakasan, sumama sa mga kaibigan, at maglakbay upang bisitahin ang pamilya.

Kung mayroon silang mga katanungan at alalahanin, ipakausap sila sa mas maraming nalalaman at mapagkakatiwalaang tao, tulad ng doktor o pedyatrisyan ng pamilya.